Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-6 NG MARSO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | | Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 092-T'2002*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA NATIONAL POWER CORPORATION, SA PAMAMAGITAN NI G. VIRGILIO C. NAVARRO, PANGKAT-TAGAPAMAHALA, MACBAN GEOTHERMAL COMPLEX, BARANGAY LIMAO, CALAUAN, LAGUNA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG TATLONG MILYONG PISO (P3,000,000.00) PARA SA PAGPAPATAYO AT PAGPAPAPAGAWA NG OVERFLOW BRIDGE SA BARANGAY OOGONG AT ALIPIT NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na makapagpatayo at makapagpagawa ng over flow bridge sa may lugarin ng Brgy. Alipit at Oogong upang magsilbing daanan ng mga sasakyang panghakot ng basura sa itatayong controlled dumpsite na nasasakop ng dalawang nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T*, walang maayos na daanan papunta sa lugar na nakatakdang pagtatapunan ng basura para sa bayang ito;

*SAPAGKA'T*, walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang makapagtayo at makapagpagawa ng nasabing proyekto;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at Eugenio A. Javier, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na hilingin sa National Power Corporation, sa pamamagitan ni G. Virgilio C. Navarro, Pangkat-Tagapamahala, Macban Geothermal Complex, Barangay Limao, Calauan, Laguna na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P3M para sa pagpapatayo at pagpapagawa ng overflow bridge sa Barangay Oogong at Alipit ng bayang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito si G. Virgilio C. Navarro, Pangkat-Tagapamahala, Macban Geothermal Complex, Brgy. Limao, Calauan, Laguna; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Pinuno sa Pangkalahatang Paglilingkod, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
*Pang. Punong Bayan*
*Tagapangulo*

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

105